



President: Dr Deidre Palmer

General Secretary: Colleen Geyer

Para sa lahat ng mga kongregasyon at pamayanan ng pananampalataya

Ang kasal at pagsasama ng parehong kasarian

Mga Mahal Kong Kapatid kay Kristo,

Pinag-aaralan ng Assembliya, ang pambansang konseho ng Uniting Church, ang usapin ng kasal at pagsasama ng parehong kasarian.

Itong mahabang pag-uusap sa loob ng ating Iglesya mahigit pa sa 30 taon ay naging napakahirap, gaya nga para sa maraming mananampalataya.

Sa linggong ito nagpahayag ang mga kaanib ng Ika-15 Asembliya ng kanilang matibay na pinaninindigan at pinanghahawakang paniniwala na nagmumula sa magkakaibang teolohikal at pangkulturang pagtanaw.

Ginamit ng mga kaanib ng Asembliya ang pagkakataon na magsalita para at laban sa isang hanay ng mga panukala. Sa ganung paraan, ikinararangal kong sabihin na inihalimbawa nila ang isang mapagmahal na Kristiyanong pamayanan, na itinataguyod at kinakalinga ang bawat isa.

Masagana ang pagpapala ng Panginoon... at sama-sama tayong nakarating sa isang kapasyahan para sa isang landas ng pagsulong para sa ating Iglesiya.

Upang itanghal ang pagkakaiba-iba ng paniniwalang Kristiyano sa hanay ng ating kapatiran, panghahawakan natin ang dalawang magkapantay subalit namumukod na mga pahayag sa ating paniniwala sa kasal.

Papahintulutan ng kapasyahang ito ang mga ministro at mga nagkakasal na magsagawa o tumangging magsagawa ng kasal sa magkaparehong kasarian.

Ang umiiral na pahayag ng paniniwala na "ang kasal para sa mga Kristiyano ay ang malayang pagbibigay ng pagsang-ayon at pangako sa publiko at sa harap ng Diyos ng isang lalaki at isang babae na magsama habang buhay" ay nananatili.

Isang bagong pahayag ng paniniwala ay tinanggap.

Sinasaad nitong pahayag “ang kasal para sa mga Kristiyano ay ang malayang pagbibigay ng pagsang-ayon at pangako sa publiko at sa harap ng Diyos ng dalawang tao na magsama habang buhay.”

Ang ibig sabihin nito, ang mga ministro, ayon sa kanilang budhi, na handang magsagawa ng kasal sa parehong kasarian ay maaaring magsagawa nito. Hindi nito sinsalansang ang mga karapatan ng mga ministro, ayon sa kanilang budhi, ay di maaaring magsagawa ng kasal sa magkaparehong kasarian.

Patuloy silang makakapagturo ng kanilang paniniwala na ang kasal ay maaari lamang sa pagitan ng lalaki at babae, at gumamit ng liturhiyang sumasalamin sa naturang paninindigan.

Nais kong kilalanin ang ministeryo at pakikibaka ng pamayanang LGBTIQ sa loob ng Uniting Church sa maraming taong lumipas. Batid kong napakasakit at napakahirap ang pag-uusap na ito para sa inyo.

Gayundin naman, kinikilala ko ang mga hindi makasuporta sa pagbabagong ito – at ang inyong pasakit at kahirapan sa sitwasyong ito.

Handog ko sa inyo ang aking mga panalangin na bigyan kayo ng Panginoon ng kalinga at paggaling habang tayo ay sumusulong. Nais kong bigyan ng katiyakan ang lahat ng kaanib ng Uniting Church na ang inyong mga paniniwala sa kasal ay igagalang at ipagsasanggalang.

Magkakaroon ng karapatang magpasya ang mga Konseho ng Iglesya kung ang mga kasal ay gaganapin sa loob ng kanilang lugar.

Sumainyong lahat ang pagpapala at kapayapaan sa ating patuloy na pagsaksi sa masaganang biyaya ng Panginoon, sa mapagpalayang pag-asa kay Kristo, at ang kamangh-manghang pagkilos ng Banal na Espiritu sa ating Iglesya.

Dr Deidre Palmer

Pangulo

Asembliya ng Uniting Church in Australia

14 Hulyo 2018